WeDrawTheLines.ca.gov

555 Capitol Mall, Suite 300
Sacramento, California 95814
Call toll free: 1-866-356-5217
Fax: 916-319-9295
Email: votersfirstact@auditor.ca.gov

Kasaysayan ng Komisyon sa Pagbabago ng Distrito ng California
Isang Bagong Eksperimento sa Tuwirang Demokrasya

Bawat 10 taon, pagkatapos ng pederal na sensus, dapat na muling iguhit ng California ang mga hangganan ng mga distrito ng Senado, Asembleya at Lupon ng Pagpapantay ng Estado, upang ipakita ang bagong mga datos ng populasyon. Sa nakaraan, ang mga linyang ito ng hangganan ay iginuhit ng mga miyembro ng Lehislatura ng California; ngayon ang mga ito ay iguguhit ng isang bagong Komisyon ng mga Mamamayan sa Pagbabago ng Distrito.

Ipinahintulot ng mga botante ng California ang paglikha ng komisyong ito noong ipasa nila ang Batas na Mga Botante MUNA (Proposisyon 11) sa balota ng pangkalahatang halalan ng Nobyembre 2008. Ang komisyon ay magkakaroon ng 14 na miyembro; limang miyembro na mga Demokratiko, limang miyembro na mga Republikano, at apat na miyembro na hindi mga Demokratio o Republikano.

Ang batas ay nagtalaga sa Tagasuri ng Estado ng California na magpasimula ng isang proseso ng aplikasyon para sa pagpili ng mga miyembro ng komisyon. Ang proseso ng aplikasyon ay bubuksan sa bawat nakarehistrong botante ng California na patuloy na nakarehistro sa iisang partidong pampulitika, o walang partidong pampulitika, para sa limang taon bago hirangin sa komisyon; at bumoto sa hindi kukulangin sa dalawa sa pinakahuling tatlong pambuong-estadong pangkalahatang halalan. Ang ibang mga iniaatas para sa pagkamiyembro ay nakasaad sa batas at nilinaw sa mga regulasyong binuo ng Tagasuri ng Estado ng California.

Sa sandaling mapili, ang Komisyon ay guguhit ng mga bagong distrito na sumusunod sa mahihigpit, di-partidistang mga tuntunn na idinisenyo upang lumikha ng mga distrito ng makatwirang pantay na populasyon na magkakaloob ng makatarungang pagkatawan para sa lahat ng mga taga-California. Dapat ding isaalang-alang ng komisyon ang Batas sa mga Karapatan sa Pagboto, mga kasalukuyang heograpikong hangganan, at ibang mga pamantayan kapag gumuguhit ng mga bagong linya at ang mga bagong linya ng distrito ay hindi dapat iguhit upang panigan ang alinmang partikular na partidong pampulitika o nanunungkulang inihalal na opisyal..

Ang paglikha ng Komisyon ng mga Mamamayan sa Pagbabago ng Distrito ay magiging isang kapana-panabik na bagong eksperimento sa tuwirang demokrasya na humihimok ng paglahok ng lahat ng mga nakarehistrong botante sa California. Ang proseso para sa pagpili ng mga miyembro ng komisyon at sa mismong proseso ng pagbabago ng distrito, ay magiging bukas sa pampublikong paglahok ng lahat ng mga mamamayan. Ang mga aplikasyon para sa Komisyon ay makukuha online sa Disyembre 15, 2009 hanggang Pebrero 12, 2010. Ang pangwakas na mga miyembro ng Komisyon ay pipiliin mula sa listahan ng mga aplikante. Hinihimok ng Tagasuri ng Estado ng California ang lahat ng interesadong maglingkod sa komisyon na mag-aplay.

###